

Mga Pagbabago sa mga Komunikasyon sa Pamilya Taglagas 2016

Taglagas 2016, ang Mga Pamublikong Paaralan ng Seattle ay maglulunsad ng SchoolMessenger InfoCenter (Mensahe ng Paaralan Sentro ng Impormasyon) upang makasanayan ng mga pamilya kung paano tatanggapin ang mga komunikasyon mula sa kanilang (mga) paaralan at distrito.

Bawa't pamilya ay automatikong nakalista na na tatanggap ng lahat ng mensahe mula sa kanilang (mga) paaralan at distrito. Ito ay magpapahintulot sa mga paaralan at distrito na gumamit ng mga tawag sa telepono at mensaheng email para sa mga isyu na hindi pang emerhensiya na karagdagan sa mga patalastas na pang emerhensiya.



Ang mga pamilya ay may opsyon na hindi gamitin ang pagtawag na hindi pang emerhensiya sa pamamagitan ng pagbago sa pinili nilang Info Center na nakapangalan sa kanila. **Mahalaga:** Ang mga pamilya ay mangangailangan na maglaan ng kahit isang aktibong numero para sa mga tawag sa telepono na emerhensiyang patalastas.

Paano Babaguhin para Isunod sa Panahon ang Iyong Piniling Komunikasyon sa Info Center

- Mayroong inaktibong boses na may katangian na mag-opsiyon-out sa katapusan ng bawa't tawag ng paaralan o distrito.
- InfoCenter app mula sa Apple App Store o Google Play Market
- Website: infocenter.schoolmessenger.com

Nota: para pamahalaan ang mga pinili sa app o website, kailangan mayroong kayong email address sa file.

Paano Babaguhin para Isunod sa Panahon ang inyong Numero ng Telepono o Email

Ang inyong email na makikita sa Pormularyo ng Beripikasyon sa Mag-aaral ay ginagamit upang pamahalaan ang inyong InfoCenter account. **Paki gamit ang Pormularyo ng Beripikasyon sa Mag-aaral upang baguhin o magdagdag ng numero ng telepono at email.** Ang pormularyong ito ay ipadadala sa inyong bahay mula sa paaralan sa Setyembre Bagong impormasyon para kontakin ang gagamitin sa sandaling maipasok ng kawani ang impormasyon. Ang prosesong ito ay maaaring magtagal ng ilang linggo.

Mga Katangian ng InfoCenter Website or App

- Napapamahalaang Pagbabalita. Halimbawa, makatatanggap ka ng pagkalahatang pagbabalita sa pamamagitan ng email at ng emerhensiyang pagbabalita sa pamamagitan ng telepono o email.
- Repasuhin ang huling 30 araw ng mga mensahe para sa iyong (mga) mag-aaral.
- Makikita ang (mga) mag-aaral na konektado sa iyong email.

Kabilang sa mga Uri ng Mensahe

- Pagpasok ng mga sekondaryang mag-aaral
- Mahalagang Araw
- Transportasyon
- Paalala sa Pagboto
- Patalastas sa Lagay ng Panahon

Nota: kung mayroon kayong sobra sa isang bata na naka-enrol sa SPS subali't mayroong iba't ibang email na may kaugnayan sa sinuman sa kanila, mangangailangan na pamahalaan mo ang higit sa isang InfoCenter account. Kung pinili mong ang lahat ng mga mag-aaral ay nasa isang InfoCenter account,

maaari mong gamitin ang Pormularyo ng Beripikasyon sa Mag-aaral upang gumawa ng mga pagbabago sa mga email account na kaugnay sa iyong mga mag-aaral.

Ang karagdagang impormasyon tungkol sa SchoolMessenger InfoCenter ay mayroon sa : www.seattleschools.org/student_portal. Kontakin ang paaralan ng inyong anak sa mga partikular na mga tanong o maaari kayong mag-email sa familycommunications@seattleschools.org.

Humanda na Magsimula sa Info Center

Kapag May Kausap sa Telepono (hindi mensahe ng voicemail)

Kapag nakikipag-usap sa telepono, maaaring mong pindutin ang 5 sa iyong telepono para simulan ang proseso ng opsyon na pag-alis para sa hindi emerhensiyang komunikasyon. Maaari mong tingnan ang uri ng mensahe sa kabilang bahagi ng dokumentong ito.

Pagkatapos mong pindutin ang 5, madidinig mo ang tatlong pagpipilian:

- Upang hindi sumuskribi sa mga mensahe na katulad nito, paki pindot ang 1
- Upang hindi sumuskribi sa lahat ng mga Hindi Emerhensiyang mensahe, pindutin ang 2
- Upang mag-opsiyon na hindi tumanggap ng lahat ng patalastas sa telepono, paki pindot ang 3

Mahalaga: Ang prosesong ito ay ginagawa sa batayang bawâ't isang telepono. Kailangan mong mag-opsiyon-out sa bawâ't telepono kapag may tawag o gamitin ang website o app para pamahalaan ang preperensiya.

Sa Smart Phone App o InfoCenter Website

Hakbang 1: Pumunta sa website o app

- Magdownload ng app mula sa Apple App Store o Google Play Market **o** tingnan ang InfoCenter website sa infocenter.schoolmessenger.com.

Hakbang 2: Magpalista

- Iklik ang “create an account” na buton. Ipasok ang iyong email address na nakaulat sa distrito at gumawa ng password.
- Isang email ang ipadadala na may ligtas na link upang maging aktibo ang iyong account. Iklik ang link upang makumpleto ang pagpapalista.

Nota: Kung makatanggap kayo ng mensaheng “already claimed by another user” ito ay nangangahulugan na ang inyong email ay nakaugnay na sa isang InfoCenter account. Sundin ang “Return to login” na link at gamitin ang “Forgot your password” na link upang magamit ang iyong account kung kailangan.

Hakbang 3: Pamahalaan ang iyong preperensiyang komunikasyon

- Bumalik sa InfoCenter at magsign in ng iyong email at password.
- Ang iyong unang gagawin ay upang patunayan ang mga numero ng telepono na mga ok para sa hindi emerhensiya o para lamang sa emerhensiyang mga tawag sa telepono.

Nota: Kung iyong sinabi na ang (mga) numero ng telepono ay tama **lamang** para sa emerhensiya, hindi ka makatatanggap na automatikong mensahe sa telepono maliban sa mga tawag na kritikal sa kaligtasan at seguridad ng mga mag-aaral.

- Para sa mga tawag na hindi emerhensiya, piliin ang iyong preperensiya para sa mensahe at iklik ang save.
- Ulitin ang prosesong ito para sa lahat ng numero ng telepono at mga email address sa iyong account. Maaari kang magbago ng iyong mga preperensiya anumang oras sa pamamagitan ng pag logging in sa InfoCenter.

Mahalaga: Ang pagbabago ng numero ng iyong telepono o email ay magagawa sa Student Verification Form (Pormularyo sa Pagberipika sa Mag-aaral) na ibibigay ng paaralan ng inyong anak sa Setyembre **hindi** sa InfoCenter. Kung kailangan mo ng bagong Student Verification Form paki kontak ang inyong paaralan.